Mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Pagkain – Pangangailangan para sa Pagpapatalastas ng Negosyong nauukol sa Pagkain

Chapter 3 (Para sa Australya lamang) Alituntunin ng mga Pamantayan sa Australya at New Zealand kaugnay ng Pagkain

TANDAAN: Ang bagong Mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Pagkain ay hindi angkop sa New Zealand. Hindi kabilang ang mga pamantayan sa kalinisan ng pagkain sa mga probisyon ng kasunduan para sa mga pamantayan sa pagkain sa Australya at New Zealand.

Kanino naaangkop ang pangangailangan sa pagpapatalastas?

Ang pangangailangan sa pagpapatalastas ay naaangkop sa lahat ng mga negosyong nauukol sa pagkain sa Australya. Ang isang negosyong nauukol sa pagkain ay anumang negosyo o gawaing kinapapalooban ng pagtitinda ng pagkain o paghahawak ng anumang uri ng pagkaing pantinda sa Australya, ngunit hindi kabilang ang ilang pangunahing mga gawain kaugnay ng produksiyon ng pagkain.

Nangangahulugan ito na ang pangangailangan sa pagpapatalastas ay naaangkop sa mga gawaing pangkawanggawa o mga dahilang pangkomunidad, at gayundin sa mga pangkomersiyong pakikipagsapalaran at 'isang beses- lamang' na mga proyekto na kinapapalooban ng paghahawak at pagtitinda ng pagkain. Kabilang dito ang mga negosyong hindi nag-iisip na sila ay mga negosyong nauukol sa pagkain, katulad ng mga botika, sinehan, maliliit na tindahan, gasolinahan at mga palanguyan, kung sila ay nagtitinda ng mga nakapakete at iba pang uri ng pagkain.

Hindi kabilang ang mga nakalista sa ibaba.

- Mga negosyo katulad ng mga sakahan, ubasan, taniman ng mga punong namumunga o sakahang 'aquaculture', sa kondisyong hindi sila nagbebenta o nagtutustos ng pagkain nang direkta sa publiko o nagpoproseso ng pagkaing kanilang ginagawa.
- Ang pagpapatalastas ay hindi kinakailangan para sa mga indibiduwal na 'food vending machines' o mga sasakyang ginagamit lamang para sa pagdadala ng pagkain, ngunit ang mga negosyong nauukol sa pagkain na nangangasiwa ng mga food vending machine at mga sasakyang ginagamit sa pagdadala ng pagkain ay kinakailangang magbigay ng pagpapatalastas para sa kanilang negosyo.

Ang grupong pangkawanggawa o pangkomunidad ay kailangang humingi ng payo bago magsumite ng pagpapatalastas sa kanilang lokal na ahensiyang tagapagpatupad sa dahilang ang mga ginawang simpleng pagsasaayos ay maaaring angkop sa iyong Estado o Teritoryo. Nguni't bilang pangkalahatang tuntunin, kailangan silang magbigay-alam sa angkop na ahensiyang tagapagpatupad kung sila ay nagbabalak ng mga gawaing kapapalooban ng pagtitinda ng pagkain.

Ano ang aking gagawin kung ako ay rehistrado na o mayroong lisensiya bilang isang negosyong nauukol sa pagkain?

Wala. Ang pagpapatalastas ay kinakailangan upang matiyak na alam ng mga ahensiyang tagapagpatupad ang tungkol sa mga negosyong nauukol sa pagkain sa kanilang lugar at kung paano sila makokontak at upang makapagbigay ng gabay para sa panganib ng kaligtasan ng pagkain na kaugnay ng iyong negosyo.

Ang mga Estado at Teritoryo ay magpapatuloy na magpasiya tungkol sa mga pangangailangan sa pagpaparehistro para sa mga negosyong nauukol sa pagkain sa kanilang Estado o Teritoryo , at ang mga pangangailangang ito ay patuloy na magiging angkop batay sa mga bagong pang-Estadong Batas kaugnay ng Pagkain.

Kung ikaw ay nasasakupan ng pangangailangan ng pagpaparehistro hindi ka maaapektuhan ng bagong pangangailangan para sa pagpapatalastas.

Ang pangangailangan para sa pagpapatalastas ay naaangkop lamang para sa mga negosyong nauukol sa pagkain na hindi pa nakapagpaparehistro at sa lahat ng mga negosyong nauukol sa pagkain sa mga Estado na walang umiiral na sistema ng pagpaparehistro para sa mga nasabing negosyo.

Ano ang aking gagawin kung ako ay hindi pa rehistrado o walang lisensiya bilang isang negosyong nauukol sa pagkain?

Batay sa Pamantayan bilang 3.2.2. – Mga Gawing nauukol sa Kaligtasan ng Pagkain at Mga Pangkalahatang Pangangailangan, kailangang magbigay ang mga negosyong nauukol sa pagkain ng mga sumusunod na impormasyon sa ahensiyang tagapagpatupad na may pananagutan para sa kaligtasan ng pagkain sa kanilang lugar. Kadalasan ito ay ang kanilang lokal na konseho ngunit sa ilang mga Estado at Teritoryo maaaring ito ay ang kagawaran ng kalusugan o mga yunit para sa pangkapaligirang kalusugan, batay sa kalagayan sa bawat nasasakupan.

Ang pagsasalin ng dokumentong ito ay buong karangalang tinatangkilik ng Komonwelt na Kawagarang Pangkalusugan at Pangangalaga sa Matatanda

Ang pagpapatalastas ay hindi proseso ng pagsang-ayon at hindi mo kailangang matugunan ang anumang espesyal na mga kondisyon. Ngunit kailangan mong magbigay sa ahensiyang tagapagpatupad ng:

- detalye ng pagkontak para sa iyong negosyo na kabilang ang pangalang dinadala bilang mangangalakal at ang pangalan at address ng may-ari ng negosyo;
- impormasyon tungkol sa katangian ng negosyo upang makatulong sa ahensiyang tagapagpatupad na matasa ang antas ng panganib ng kaligtasan ng pagkaing kaugnay ng iyong negosyo – kabilang dito ang impormasyon tungkol sa uri ng negosyo (halimbawa, magtitingi, tagagawa, sasakyan, nangongotrata ng pagpapakain, restoran o isang puwesto sa palengke), ang mga pagkaing ginagawa o itinutustos, ang laki ng negosyo at ilang partikular na mga katanungang kaugnay ng pagtutustos ng mga produktong madaling masira at ang pagtutustos ng mga produkto sa mga grupo ng tao na pinakamadaling magkaroon ng sakit na dahilan sa pagkain; at
- kinaroroonan ng iyong negosyo sa lugar ng nasabing ahensiyang tagapagpatupad.

Ang mga palipat-lipat na tagapagtinda ng pagkain (mobile food vendors) ay kinakailangan ding magbigay ng impormasyon tungkol sa lugar na kanilang pinagtatrabahuhan at/o impormasyon kung saan nila ginagarahe ang kanilang sasakyan.

Kailan magiging epektibo ang pangangailangan sa pagpapatalastas?

Batay sa Pamantayan bilang 3.2..2 - Mga Gawing nauukol sa Kaligtasan ng Pagkain at Mga Pangkalahatang Pangangailangan, ang pangangailangan sa pagpapatalastas ay magiging epektibo magmula buwan ng Pebrero 2002. Ngunit maaaring maging angkop ang huling petsa ng pagsisimula sa ilang mga Estado at Teritoryo. Ito ay batay sa mga petsa kung kailan babaguhin ng mga Estado at Teritoryo ang kanilang mga batas at regulasyon kaugnay ng pagkain upang ipatupad ang bagong mga pamantayan at kung pipiliin din nila ang 12-buwang panimulang panahon para sa bagong pangangailangan o magpasiya na gawing Pebrero 2002 ang simulang petsa para sa nasabing pangangailangan.

Para sa umiiral na mga negosyo, ang pagpapatalastas ay kailangang gawin sa loob ng tatlong buwan mula sa petsang nabanggit. Para sa bagong mga negosyo, ang pangangailangan ay magiging angkop nang hindi matatagalan matapos na ito ay maging epektibo sa bawat Estado at Teritoryo at ang pagpapatalastas ay kailangang gawin bago magbukas ang negosyo.

Ang pagpapatalastas ba ay kailangan kong gawin nang mahigit sa isang beses?

Hindi. Isang beses lang ang pagpapatalastas na kakailanganin, hangga't ang impormasyong ibinigay ay tama pa rin. Ngunit kung may mga pagbabago dito, katulad halimbawa, ang pangalan, address o may-ari ng negosyo, o kung ano ang ginagawa nito o ang pagkaing may kinalaman ang negosyo, nararapat na ipagbigay-alam sa ahensiyang tagapagpatupad ang tungkol sa nabanggit na mga pagbabago bago pairalin ang mga ito.

Mayroon bang porma ng pagpapatalastas?

Ang mga modelong porma ng pagpapatalastas ay ginawa upang magamit ng mga lokal na ahensiyang tagapagpatupad. Maaaring naisin ng iba na gumamit ng ibang pormat ngunit kailangang nilang magtanong para makakuha ng parehong impormasyon. Ang dokumento ng patakarang pagpapatalastas ng ANZFA ay nagbibigay ng karagdagang gabay sa usaping ito. Ito ay ilalathala sa buwan ng Hunyo 2001. Ito ay maaaring makuha mula sa website ng ANZFA. Kontakin ang iyong lokal na konseho o yunit para sa pampublikong kalusugan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pangangailangan sa pagpapatalastas at mga porma para sa pagpapatalastas para sa iyong lugar.

Kailangan ng karagdagang impormasyon?

Ang mga kopya ng mga patakaran, mga gabay para dito at ibang pang fact sheet at tulong na mga materyal ay maaaring makuha mula sa website ng ANZFA (www.anzfa.gov.au). Sa dahilang ang mga pamantayan ay ipapatupad sa bawat Estado at Teritoryo, ang mga negosyong nauukol sa pagkain ay maaaring humingi ng payo nang direkta mula sa mga Opisyal para sa Kalusugang Pangkapaligiran sa kanilang lokal na konseho o mula sa kanilang pang-Estado o pang-Teritoryong kagawaran ng kalusugan o serbisyong pangkalusugan at mga Yunit kaugnay ng Pampublikong Kalusugan. Ang mga detalye ng pagkontak para sa Estado at Teritoryong mga kagawaran ng kalusugan at mga lokal na konseho ay kabilang sa isang hiwalay na fact sheet na may pamagat na Food Safety Standards – Sources of information & advice o Mga Pamantayang nauukol sa Kaligtasan ng Pagkain – Mapagkukunan ng impormasyon at pagpapayo.

Australia New Zealand Food Authority
P O Box 7186
Canberra MC ACT 2610
Tel: 02 6271 2222 Fax: 02 6271 2278

Website: www.anzfa.gov.au
Email: advice@anzfa.gov.au
Advice Line: 1300 652 166

Australia New Zealand Food Authority
P O Box 10559
Wellington NZ 6036
Tel: 04 473 9942 Fax: 04 473 9855

Website: www.anzfa.govt.nz
Email: nz.reception@anzfa.gov.au
Advice Line: 0800 441 571